

Makadiwang Paglalapi Sa Diyalektong Sugbuanon At Binol-Anong Binisaya: Sosyolingguwistikong Pagsusuri

(Verbal Affixation of the Sugbuanon and Binol-Anon Dialects of the Cebuano-Visayan Language: A Sociolinguistic Analysis)

Asia Pacific Journal of
Management and Sustainable
Development
Vol. 9 No. 1, 12-16
March 2021
ISSN 2782-8557 (Print)

Lita A. Bacalla

Cebu Normal University, Philippines
bacallal@cnu.edu.ph

Date Received: October 17, 2020; Date Revised: January 10, 2021

Abstract - The study aimed at analysing the verbal affixation of the Sugbuanon and the Binol-anon dialects of the Cebuano-Visayan Language. Specifically, it analysed the collected corpus of verbs from religious, educational, livelihood or the cultural domains to which verbal affixes were attached. The purposive sampling was utilized to gather the data which was analyzed or interpreted using the descriptive method. The findings of the study were the following: the Sugbuanon and the Binol-anon dialects used similar verbal affixes; the two dialects differed in the way the words were uttered or in the manner the verbs with affixes were utilized in actual communication; and the contraction of the verbs with the affixes characteristic in the Sugbuanon dialect changed the phonemes or sounds of the said verbs.

Keywords: dialects, verbal, affixes, sociolinguistic

Abstrak - Nilayon ng pag-aaral na masuri ang paglalapi ng mga pandiwa ng Wikang Sinugbuanon'g Binisaya sa diyalektong Sugbuanon at Binol-anon. Isinagawa ang paglikom ng mga korpus ng mga pandiwa na nilalapian ayon sa domeyn. Sinuri at kinakategorya ang panlapi ng mga pandiwa sa Sinugbuanon'g Binisaya. Purposive sampling ang ginamit sa pagkuha ng datos batay sa layunin ng pag-aaral at deskriptibong paglalarawan ang ginamit sa pag-aaral at nilapatan ng sosyolingguwistikong lapit sa pagsusuri. Natuklasan sa pag-aaral na ang mga korpus ng mga salitang nilapian ay mula sa iba't ibang domeyn ay naaayon sa gamit ng mga nagsasalita ng wika. Kapuwa pareho ang panlaping ginamit sa dalawang diyalekto ngunit nagkakaiba ito sa pagbaybay, paraan ng paggamit batay sa kanilang nakasanayan at nakaugaliang gawi. Kapuwa magkatulad ang mga panlapi sa dalawang diyalekto ng Sinugbuanon'g Binisaya ngunit magkaiba ang mga ito sa pagbaybay dahilan sa pagkakaltas at pagpapalit ng mga ponema kapag ikinakabit ang mga panlaping Sinugbuanon'g Binisaya partikular sa dalawang diyalekto. Napatunay sa pagsusuri ay hindi maaaring ihiwalay ang wika sa kultura dahil kusa itong lumalabas na hindi namamalayan batay kung paano ginamit sa pang-ara-araw mula sa iba't ibang domeyn tulad ng relihiyon, edukasyon, hanapbuhay, at kultural na aspekto ng taong nagsasalita.

Keywords: diyalekto, makadiwa, paglalapi, sosyolingguwistiko

INTRODUKSYON

Ang Wikang Sinugbuanon'g Binisaya ang wika at ang ibang katawagang tulad ng Sugbuanon o Sebwano ay mga diyalekto ng nabibilang sa wikang ito [1]. Kaya sa pag-aaral ibinatay ng mananaliksik sa pagbibigay kaibahan ng katawagan ang pagkategorya ng Akademyang Binisaya na binubuo ng apat na diyalekto ang Sinugbuanon'g Binisaya. Una, ang Sugbuanong Binisaya na diyalektong ginagamit sa Cebu. Ikalawa, ang Binol-anong Binisaya na diyalektong ginagamit ng mga taong nakatira sa lalawigan ng Bohol. Bol-anon o Boholano ang tawag sa mga taong naninirahan sa lugar. Pangatlo, ang

diyalektong Negrensing Binisaya ng mga taga-Negros; at pang-apat ang Siquihidnon'g Binisaya naman ng mga taong nakatira sa Siquijor. Pinagtuunan ng pag-aaral ang Ang Wikang Sinugbuanon'g Binisaya ang wika at ang ibang katawagang tulad ng Sugbuanon o Sebwano ay mga diyalekto ng nabibilang sa wikang ito. Kaya sa pag-aaral ibinatay ng mananaliksik sa pagbibigay kaibahan ng katawagan ang pagkategorya ng Akademyang Binisaya na binubuo ng apat na diyalekto ang Sinugbuanon'g Binisaya. Una, ang Sugbuanong Binisaya na diyalektong ginagamit sa Cebu. Ikalawa, ang Binol-anong Binisaya na diyalektong ginagamit ng mga taong nakatira sa

lalawigan ng Bohol. Bol-anon o Boholano ang tawag sa mga taong naninirahan sa lugar. Pinagtuunan ng pag-aaral ang dalawang lalawigan ng Rehiyon VII: ang Bohol at ang Cebu. Ang dalawa ay may magkahiwalay na diyalekto na nasa ilalim ng Sugbuanon Binisaya. Pinili ang dalawang lugar sapagkat kapuwa ito nabibilang sa Rehiyon VII. Hangad ng mananaliksik na masuri ang paraan ng paglalapi dahil sa pananawagan ng Akademyang Binisaya sa mga mananaliksik na magsagawa ng pag-aaral sa mga panlapi sa Sinugbuanon'g Binisaya dahil may humigit kumulang na 3,000 na panlapi ang Wikang Sinugbuanon'g Binisaya. Mahalaga rin ang pag-aaral sa estruktura ng wika upang lubos na maunawaan na ang bawat wika ay natatangi at may bahagi na kailangang pag-aralan[2]. Kaya nilayon ng mananaliksik na pag-aralan ang paglalapi ng Wikang Sinugbuanon'g Binisaya at suriin ang pagkakaiba at pagkakatulad ng paggamit ng panlapi sa pagbuo ng pandiwa sa mga lugar na sinasalita ang Sinugbuanon'g Binisaya. Sa kasalukuyan, wala pang estandardisadong ortograpiya na nailimbag na sa wikang Sinugbuanon'g Binisaya. Limitado rin ang mga naisulat na batayang aklat panggramatika. Hiwa-hiwalay ang mga tuntunin sa pag-aaral sa wika mula pa kina Hermosisima, Sotto, at Yap, na mga lingguwistang nag-aral sa wikang Sinugbuanon'g Binisaya[3]. Paiba-iba ang kanilang tuntunin sa wikang Bisaya kaya sa pagtataya ng pagtuturo ng MTB-MLE ay may mga suliraning kinakaharap ang mga guro dahil walang kaisahan ng mga termino at baybay ng mga salita[4]. Wala pang ganap na mga tuntunin na isinagawa bilang pamantayan sa pagtuturo.

Ito rin ay magsisilbing hamon at tugon sa panawagan ng Komisyon sa Wikang Filipino na magsagawa ng pananaliksik sa wika sa rehiyon upang mapayaman at mapayabong ang katutubong wika. Umaangkla rin at sumusuporta ang ginawang pag-aaral sa programa ng K-12 partikular sa MTB-MLE na gamit ang unang wika sa pagtuturo at pagkatuto ng mga-aaral bilang behikulo sa pag-unawa ng iba pang wika at kulturang kinabibilangan. Sa pagsusuri ay mahalagang kilalanin ang wikang ginagamit sa lipunan. Inilahad ng Komisyon sa Wikang Filipino, anoman ang pundasyon ng wika, kailangan itong isakonteksto ayon sa nagbabago-bagong kondisyon ng lugar, panahon, at kaugalian [4]. Nagsisimula ito sa mga tula payak na konsepto ngunit maaaring lumitaw na mahigpit na konektado sa usapin ng relihiyon, tradisyon, kasarian, nasyonalismo, uring panlipunan, identidad, at iba pang tagatukoy ng mga kondisyong lilikha at lilikha ng

kaibahan. Sa kasalukuyang pag-aaral sinuri ang wika at iniugnay ito sa kultural na aspekto sa pang-araw-araw na paggamit sa wika lalo sa paggamit ng mga panlaping makadiwa.

Bahagi ng sosyolingguwistika ang kultura at ang kabuoan ng isip, damdamin, gawi, kaalaman at karanasan na nagtatakda ng maaangking kakayahan ng isang kalipunan ng tao [5]. Ang wika ay hindi lamang daluyan kundi ito ay tagapagpahayag at impukan-kuhanan ng alinmang kultura [6].

LAYUNIN NG PAG-AARAL

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay masuri ang paglalapi ng mga pandiwa ng Wikang Sinugbuanon'g Binisaya sa dalawang diyalekto 1) makalikom ng mga korpus ng mga pandiwa na nilalapan sa Sinugbuanon'g Binisaya 2) masuri ang mga panlapi ayon sa domeyn 3) maikategorya ang paglalapi ng mga pandiwa sa Sugbuanon at Binol-anong Binisaya.

METODOLOHIYA

Ang pamamaraang ginamit ng mananaliksik ay deskriptibong paglalarawan sa pag-aanalisa ng pandiwang nilalapan sa wikang Sinugbuanon'g Binisaya. Inisa-isa ang mga panlapi na ginamit sa salita at binigyan ng interpretasyon. Purposive sampling ang ginamit sa pagkuha ng datos batay sa layunin ng pag-aaral at nilapatan ng sosyolingguwistikong lapit. Kinalap ang mga korpus na salita mula sa tagatugon. Pinabaledeyt ito sa mga eksperto at sa taal na gumamit sa wika. Ang pag-aaral ay isinagawa sa mga punong lungsod ng Bohol at Cebu sa Rehiyon VII.

RESULTA AT PAGTALAKAY

Mula sa mga nakalap na korpus ng salita sa mga tagatugon ay tinala ito at nakategorya batay sa domeyn sa relihiyon, edukasyon, hanapbuhay at kultural.

Talahanayan 1 Domeyn

Relihiyon	Edukasyon	Hanapbuhay	Kultural
dagkoti	sulata	pag-ihaw	mosajaw
gihalad	bahina	hugasan	mamista
ludhi	tudlui	tuyukon	pagsampit
higumaa	basah	ihapa	makigsandurot
pasayloa	linyahi	gipalit	makighimamat
nagbunjag	tubaga	ibaligya	nakigtabi
ibayaw	paminaw	paglitson	motabang
nangamuyo	magtudlo	prituhon	nagkanta
gihalad	pagbansay	manginhas	panada
nagprusisyon	nagbasa	gipangbuak	pagtapok

Makikita sa Talahayan 1 ang ilang halimbawa ng mga nakalap na korpus na salita na may pandiwang panlapi sa diyalektong Sugbuanon at Binol-anon Binisaya.

Sa pagkalap ng domeyn sa relihiyon ang mga kalahok ay mga taong naninilbihan sa simbahan tulad ng katekista, layminister, mga deboto mula sa dalawang lalawigan. Hindi maikakaila na ang mga Sebwanon ay napakarelihiyoso dahil sa kasaysayan. Tinagurian ang lalawigan ng Cebu na “Cradle of Christianity” dahil dito unang pinakilala ni Ferdinand Magellan ang Kristiyanismo taon 1521 sa lugar dala ang banal na batang Hesus na si Senyor Santo Niño. Dahil dito naging tanyag din ang Cebu sa pagdiriwang ng kanilang kapistahan tuwing buwan ng Enero na dimahulugang karayom ang simbahan dahil sa dami ng tao. Ang mga Bol-anon naman ay iba ang paraan ng pagpapakita ng kanilang pagkarelihiyoso sa pamamagitan ng kanilang panata. Naging tatak ng ugaling Bol-anon kapag piyesta ng kanilang lugar ay uuwi talaga dahil sa kanilang panata na tumatak sa kanilang isipan mula pagkabata na habilin ng kanilang kanunununuan na ang panata at pagdalo ng piyesta ay isang tungkulin na huwag kalimutan sapagkat sa lahat na gawain ay huwag kalimutang magpapasalamat sa Maykapal lalo na sa biyayang natanggap. Ayon sa Diocesan ng Bohol maraming pari na galing sa Bohol at sumikat din ang ito bilang “Singing Priest” na mga Bol-anon.

Ayon sa mga Bol-anon ang pag-uwi sa piyesta ay mga bagay na hindi nila puwedeng iwaglit bilang pagkatao dahil ito ay nanalaytay na at tatak Bol-anon kahit na sila ay kukutyain para sa kanila hindi ito para sa ibang tao kundi sa Panginoon. Dadalo sila ng novena, misa, prusisyon, at pagsindi ng kandila kung piyesta.

Sa domeyn naman ng edukasyon ang Cebu City ay sentro ng edukasyon. Isa na rito ang kilalang Pamantasan na naging Center of Excellence sa rehiyon VII. Sa pagkuha ng domeyn na ito ang mga mag-aaral at guro sa Pamantasan ang naging kalahok sa pag-aaral. Sa pagpili ng kalahok ay ang mag-aaral na tapos na sa pagkuha ng asignaturang Sugbuanon’g Binisaya dahil [7] ang pamantasang ito ay may asignaturang Pinulungan’g Binisaya at Katitikan ng Sugbuanon’g Binisaya. Sa Bohol naman ay ang piniling Pamantasan ang main campus na matatagpuan sa Tagbilaran City. Pinili ang tagatugon na may asignaturang lingguwistika sa pagsagot sapagkat wala silang asignaturag Binol-anong Binisaya. Sa tulong at suporta ng pangulo ng

Pamantasan ay sila ang nagbibigay kung sino ang na naging respondent o tagatugon.

Sa domeyn ng hanapbuhay ay unang kinunan ng mananaliksik ang kulturang popular sa hanapbuhay ng dalawang lalawigan na siyang naging tanyag at sikat kapag binabanggit ang lugar. Sa Cebu ang paglilitson ay isa *food icon* ay siyang tumatak sa isipan ng tao ang litson bilang espesyal na pagkain sa Cebu. Sa Bohol naman ay kalamay dahil kapag galing ng Bohol ang pinakamasarap na kalamay ay mula sa Bohol. Kinunan ng mananaliksik ang mga salita na ginagamit sa pagsasaad sa paggawa ng mga espesyal na pagkain na ito. Titingnan dito kung paano ginamit ang mga panlapi sa mga salita. Tinanong din ng mananaliksik sa pamamagitan ng pakikinanayam kung paano nila ginagamit ang mga makadiwang salita sa bawat lugar. Kasunod na kinunan ng datos sa hanapbuhay ang iba’t ibang uri ng trabaho ng mga simpleng mamamayan tulad ng pulis, mangingisda, sales clerk, nurse, guro, kasambahay at mga maybahay.

Ang panghuling hanay naman sa pagkategorya ay ang kultural na mga salitang mula sa kanilang nakasanayan at nakaugalian batay sa kanilang tradisyon sa bawat lugar. Ang tradisyon o kulturang pinakita ay mula sa mga nakasanayang gawain ng mga tao sa dalawang lalawigan kung may piyesta at kung paano sila magdiriwang kanilang pista. Tulad halimbawa ng “Sinulog” na ipinagdiriwang sa lalawigan ng Cebu City at kinikilala na “Mother of all Festival”. Ito ay sosyo-kultural na gawain ng mga Sebwanon. Isinisigaw nila ang katagang “Pit Senyor” “Viva Senyor.” Ito ay kumbinasyon ng dalawang salita o coinage ng salitang Sebwanon at Kastila. Ang “Pit” ay mula sa salitang “sampit” o sambit “senyor” ay mula sa salitang Kastila na “king” o hari. Ang mga katagang ito ay nangangahulugan ng pagsambit sa batang Hesus o banal na bata na si Senyor Santo Nino na maabot ang kanilang mga dalangin. Ang “Viva Senyor” ay ang pagpuri naman ng banal na bata sa lahat ng mga biyayang natanggap at bilang pasasalamat sa mga kahilingan na natupad mula sa kanilang pagsambit o pahingi. May kaniya-kaniya silang gawain bilang paghahanda. Ganoon din sa lalawigan ng Bohol ang “Sandugo” na may malaking kaugnayan sa kasaysayan ng Bohol. Ang pagkakaroon ng blood compact nina Legaspi at Sikatuna. Kaya binansagan ang Tagbilaran City na “City of Friendship” na tiyak namang nagpapatunay sa ugali ng mga Boholano o Bol-anon na palakaibigan. Sa pamamagitan ng pagsayaw at pag-alay ng kanilang patron ay isinagawa ito sa lungsod ng Tagbilaran. Bukod dito ang mga Bol-anon ay taon-

taong nagdiriwang ng “Tigum mga Bol-anon sa Tibuok Kalibutan.”

Ito ay sinasalihan ng lahat ng mga Boholano na galing sa iba’t ibang panig ng bansa. Ito ay ipinagdiriwang sa buwan ng Mayo dahil sa kabuoan ng Mayo ay araw-araw ang piyesta sa Bohol simula sa Tagbilaran mula Mayo uno ang kanilang piyesta at hanggang sa katapusan ng araw ng Mayo sa iba’t ibang lugar ng Bohol ay may piyesta. Kaya ang “Tigum Bol-anon” ay pinamamahalaan ng mga Bol-anon na nagtatrabaho mula sa Florida at sinusuportahan ito ng mga opisyaes sa lalawigan ng Bohol. Sa lungsod ng Tagbilaran isinasagawa ang pagtitipon sa lahat ng mga Bol-anon na umuwi sa Bohol galing sa iba’t ibang panig ng bansa at ng mundo.

Kaya sumasalamin ito sa katangian ng mga Bol-anon na palakaibigan at mahilig sa pagtitipon-tipon at kumikilala sa kanilang kalahi at tinatawag nila sa kanilang diyalekto na “paisana o paisano” na ang ibig sabihin ay kababayan at kaibigan. Hindi sila nag-aatubili na kilalanin ang bawat isa lalo na kapag alam nila na ito ay Bol-anon.

Ang mga pagkategorya ng mga korpus ng mga salita ay malaking tulong upang madaling makuha ang sosyolingguwistikong paliwanag sa bawat salitang nakalap sa bawat lungsod. Madali ring mauunawaan ang tatak ng bawat lugar at paano ginagamit ang kanilang diyalekto sa kanilang pang-araw-araw na gawain sa buhay.

Talahanayan 1. Pagkakaiba ng mga makadiwang salita sa dalawang diyalekto

SB	Sugbuanon	Binol-anon	Filipino
ihap	ipha epha		bilangin
bantay	bantayi	bantaji	bantayan
kalut	gikalot	gikawt	hinukay
baligya	ibaligya	ibaligja	ibenta
suko	nasuko	naitok	nagalit
tuyok	tuyokon	tujukon	ikutin
lakaw	nagbagtas	nagbaklay	naglakad
buhat	naghimo	naggama	ginawa
limpyo	manglimpyo	manghinlo	maglinis
sulod	misulod	misud	pumasok
sulat	sulata	suwata	isulat
sulay	sulayi	sulaji	subukan
palon	napalong	napawng	napatay

Makikita sa talahanayan ang varayti ng wika ayon sa gamit. Ang diyalektong Bol-anon ay gumagamit ng (j) sa pagbigkas ng salita samantalang ang mga Sebuwano ay gumagamit ng ang ponemang (y). Sa pagbabay, mas konsistent ang mga Bol-anon sa

paggamit ng patinig na /u/ sa pagbaybay ng mga salita samantalang ang mga Sebuwano ay patinig na /o/ ang ginagamit. Ngunit sa kasalukuyang pag-aaral, maaaring magkapalit ang paggamit ng ponemang /o/ at /u/ dahil ang [7] Wikang Sinugbuanon’g Binisaya ay mayroon lamang tatlong patinig. Samantala, taliwas ito sa ginagawang tuntunin ni Kilaton [3], sa paggamit ng limang patinig lalo na sa paggamit sa midya sa pasalita at pasulat na anyo. Batay sa kaniyang tuntuning binuo ay pinapakita ang tamang paggamit ng limang patinig at pinapakita nito ang kaibahan sa pagbaybay.

May mga varayti ng mga salita na kusang lumilitaw sa panahon ng kanilang pagsagot sa talatanungan tulad nagbaklay at nagbaktas ngunit pareho pa rin ang kahulugan na maglakad. Ang paggama at paghimo ay ganoon pa rin ang padron na magkatulad ng kahulugan ngunit nakasanayan nilang gamitin. Sumunod ay pinapakita ang katangian ng wika na mahilig magkaltas ngunit lumalabas sa pag-aaral na mas madalas magkaltas ang mga diyalektong Binol-anon kaysa sa mga Sugbuanon. Katulad ng mga salitang misulod sa Sugbuanon sa Bohol ay naging misud, kinaltas ang salitang /lo/. Ang salitang napalong sa Cebu ay naging napawng sa Bohol. Kinakaltas ang ponemang /o/ at ang titik /l/ sa Sugbuanon ay pinapalitan ng /w/ sa Binol-anon. Ito ay patunay na ang mga Boholano ay monosyllabic samantalang ang mga Sebuwano ay polysyllabic sa pagsasalita.

Ang sosyolingguwistiks ay nag-uugnay sa wika at aspektong sosyal ng isang lipunan. Lumitaw sa ginawang pagsusuri na may iba’t ibang varayti ng Sinugbuanon’g Binisaya na umiiral sa dalawang lungsod na Bohol at Cebu sa rehiyon VII, paglalagay ng panlapi ng salitang-ugat upang makabuo ng mga bagong salita at bagong kahulugan [8].

NATUKLASAN

Natuklasan sa pagsusuri ang mga korpus ng mga salitang nilalapan ay kapuwa magkatulad sa dalawang diyalekto ng Sinugbuanong Binisaya na Binol-anon at Sugbuanon. May mga salitang nagkakaiba ng mga ponema at may pagkakaltas. Dahil ang wikang Binol-anon ay monosyllabic samantalang ang Sugbuanon ay polysyllabic. May kaunting pagkakaiba sa paggamit ng mg salita batay sa kanilang nakaugalian at nakasanayang gawin.

Halos magkatulad ang mga panlaping ginamit sa dalawang diyalekto ng Sinugbuanon’g Binisaya. May pagkakaiba lamang sa baybay; nagkakaiba kapag kinakabitan ng panlapi ngunit magkatulad pa rin ng kahulugan. Nagkakaiba rin ang mga salita sa paraan ng

paggamit batay sa kanilang nakasanayan at nakaugaliang gawi. Ito ay may heograpikong dahilan o lokasyon ng bawat lugar.

LIMITASYON NG PAG-AARAL

Saklaw sa pag-aaral na ito ang makalikom ng korpus ng mga salitang nilalapan sa wikang Sinugbuanon' Binisaya. Pagtuunan ng pansin sa pag-aaral ang paraan ng paglalapi ng pandiwa at pagbuo ng mga tuntunin sa paglalapi pagkatapos ng masusing pag-aanalisa. Ang sumusunod na lugar tulad ng Bohol at Cebu na kabilang sa Rehiyon VII ang pinagkunan ng mananaliksik sa mga korpus ng mga salitang pandiwa na ginamit sa pagsusuri.

KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang pagsusuri ng makadiwang paglalapi sa Wikang Sinugbuanon'g Binisaya ay kaakibat ng wika at kultura. Hindi maaaring ihiwalay ang wika at kultura dahil kusa itong lumalabas ang dahilan na hindi namamalayan batay sa kung paano ginagamit sa pang-araw-araw mula sa iba't ibang domeyn tulad ng relihiyon, edukasyon, hanapbuhay, kultural na aspekto ng taong nagsasalita.

Inirekomenda na magsagawa ng kasunod na pag-aaral sa iba pang korpus ng salita mula sa iba pang diyalekto ng Sinugbuanon'g Binisaya tulad ng Siguihodnong Binisaya (Siquijor) at Negrensing Binisaya (Negros) sa makadiwang panlapi. Magsagawa ng kasunod na pag-aaral sa iba pang korpus ng salita mula sa iba pang diyalekto ng Sinugbuanon'g Binisaya tulad ng Siguihonong Binisaya (Siquijor) at Negrensing Binisaya (Negros) sa makadiwang panlapi.

SANGGUNIAN

- [1] Agosto, W. (2017) Cultural Lexicon of Tagalog and Sinugbuanon: An Analysis MALAY Journal, January 2019 pp. 1-19.
- [2] Bunye, M. at Yap, P. (1971). Cebuano for Beginners. Honolulu: University of Hawaii Press,.
- [3] Godin, E.(2017). Atong Inahang Dila Giya sa Pagsulat ug Pag-edit sa Binisayang Sinugbuanon. Cebu City: Saniata Publication.
- [4] Komisyon sa Wikang Filipino (2012), [https:// Philippine culturaleducation.com.ph/komisyon -sa-wikang-filipino](https://Philippineculturaleducation.com.ph/komisyon-sa-wikang-filipino)
- [5] Bacalla, L. A. (2019) Pagtataya ng MTB-MLE: Tugon Sa Pagpapaunlad ng mplementasyon ng K T 12 Kurikulum. American Journal of Humanities and Social Sciences Research, 3(3), 252-261.
- [6] Salazar, Z.A. (1991) Ang Pantayong Pananaw Bilang Diskursong Pangkabihasnan. Daluyan Journal ng Wikang Filipino. Blg.1, 2244-6001 online. (p-56).

- [7] Pesirla, A.O. (2012). Ang Linggwistika sa Sugbuanun'g Binisaya: The Linguistics of Cebuano Visayan. Mandaluyong: Anvil.
- [8] Hicana, M.F. (2017). Pasalitang Diskurso ng Tagalog Varayti sa Taguig 29 -2 :1-13 MALAY Journal

COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMSD. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).